


International Driving Permit na maaaring gamitin sa Japan

Maaaring gamitin sa Japan ang International Driving Permit na inisyu ng mga bansang pumirma sa Geneva Convention at naaayon sa mga format na nakatakda sa Convention na ito. Kahit na may International Driving Permit na inisyu ng bansang pumirma sa Geneva Convention, kung inisyu ito batay sa format na itinakda ng ibang Convention (tulad ng Vienna Convention, at iba pa), hindi ito puwedeng gamitin para magmaneho sa Japan.

Para makapagmaneho gamit ang International Driving Permit, kailangan kumuntento sa mga kondisyon na sumusunod.

1 Sa loob ng 1 taon mula sa araw ng pag-iisyu ng International Driving Permit at mula sa araw ng pagpasok sa Japan




2 Hindi paglabag sa Article 107-2 na itinatakda ng Road Traffic Law na kung tawagi'y [3 month-rule]

◇ Kapag pumasok uli sa Japan sa loob ng 3 buwan mula sa araw ng paglabas ng Japan

Kapag lumabas ng Japan ang isang taong nakarehistro sa “Basic Resident Register” (mga dayuhang nananatili nang matagal sa Japan) pagkatapos niyang kunin ang confirmation para lumabas at pumasok uli ng Japan, at pumasok na naman sa Japan pagkatapos niyang kumuha ng bagong International Driving Permit bago mag-tatlong buwan, hindi siya puwedeng magmaneho gamit ang nakuha niya bagong International Driving Permit dahil hindi magsisimulang magkabisa ang International Driving Permit niya mula sa araw ng pagpasok niya sa Japan

※Pareho rin ang kondisyon nito para sa mga taong lumabas ng bansa pagkatapos inisyuhan siya ng refugee travel document



◇ Kapag pumasok uli sa Japan pagkalampas ng 3 buwan mula sa araw ng paglabas ng Japan

Kapag lumabas ng Japan ang isang taong nakarehistro sa “Basic Resident Register” (mga dayuhang tumigil nang matagal sa Japan) at pagkatapos niyang kumuha ng confirmation para lumabas at pumasok uli ng Japan at pumasok uli sa Japan pagkatapos niyang kumuha ng bagong International Driving Permit habang mananatili siya sa ibang bansa higit sa 3 buwan, puwede siyang magmaneho gamit ang nakuha niya bagong International Driving Permit dahil magsisimulang magkabisa ang International Driving Permit niya mula sa araw ng pagpasok niya sa Japan

